# Mga Gambala ng Buhay

A Lord's Flock General Assembly Topic

**By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder**

July 25, 2020

Bahagi ng buhay natin ang mga gambala. Dumarating sila sa iba't ibang kaanyuhan, nakaka-apekto ng ating kondisyon, nagnanakaw ng ating tuwa at galak, nagpipigil ng ating mga plano. Maski anong gambala ang dumating sa atin, gusto ng Diyos na maging handa tayo dahil bahagi na sila sa araw –araw nating buhay at may tinutupad silang layunin.

**1. Gusto ng Diyos na maranasan Siya ng ibang tao sa pamamagitan natin.**

1.1 Pinahintulutan ng Diyos ang mga gambalang ito sa iba't ibang okasyon: noong nagpagaling si Jesus ng isang ketongin (Mt. 8:1); tinawag ang mga unang alagad (Lk. 5:1-7); nagpakain ng limang libo (Jn. 6:1-3); nagpatahimik ng unos (Mk. 4:38-40); nagpagaling ng isang paralitiko (Lk. 5:17-26); ginawang alak ang tubig (Jn. 2:1-11).

**2. Kailangan nating magambala paminsan-minsan para masuri natin ang ating pamumuhay. At sa kalaunan, malalaman natin ang layunin ng Diyos sa gambalang dumating.**

2.1. Matuto tayong kumilala kung mula sa Diyos o sa diyablo ang gambalang ito.

2.2. Ang diyablo ay parang leong umaatungal na aali-aligid na humahanap ng masisilo (1Pt. 5:8).

2.3. Minsan ginagambala ng Panginoon ang mga gawain natin para maka-usap Niya tayo; kailangan nating sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo.

**3. Humanda tayong gambalahin ng Diyos habang nagpapadala Siya ng mga taong nangangailangan ng tulong natin.**

3.1. Sa kwentong Ang Mabuting Samaritano, ang saserdote at ang Levita ay hindi handang maistorbo ng taong halos patay na nang iwan sa kalsada. Ngunit ang Mabuting Samaritano, ang kaaway ng mga Hudyo, naglaan ng oras, pera, lakas para nanumbalik ang kalusugan ng tao (Lk. 10:25-37).

3.2. Habang nagsisimula tayong magpagamit sa Diyos, nakikibahagi tayo sa kaligayahang ibinibigay Niya sa ibang tao sa pamamagitan natin. Pinagpala tayo para magbigay ng pagpapala sa ibang tao.

**4. Kung may gambala ang buhay, kaya ni Jesus ang:**

**4.1. Magsalungat**

Tinanggap ng Samaritana sa balon ang paggambala ni Jesus at nakaranas nang mabilis na pagbabago sa kanyang buhay. Bilang makasalanan, naging instrumento siya ng pagliligtas sa kanyang mga kababayan (Jn. 4:4-26).

**4.2. Magbago**

Paminsan-minsan, gagambalahin ng Diyos ang ating mga plano para malayo tayo sa panganib at mailigtas tayo, mula sa kabiguan hanggang sa tagumpay.

**4.3 Magbalik**

Nalimas ang kayamanan ni Job, ngunit dinoble pa ni Yaweh ng ibinalik ito.

Ang gambala ay imbitasyon ng Diyos para makita nating lahat ang nasa paligid at sa buhay ng ibang taong nangangailangan.

**Pagninilay:**

Anong mga gambala ang dumating na sa iyo at papaano mo ito nakayanan?

Sa mahirap nating kalagayan, kaya ni Jesus ang magsalungat, magbago at magbalik sa ating buhay.

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-Edit ni :** Sis Vera I. Tuplano
**Inaprobahan ni**: Sis Vera I. Tuplano

**For more teachings, visit our website www.lordsflock.org/teachings/readingmaterials**